# ROMEO PALUSTRE PEÑA

Si Romeo Palustre Peña o Rom Peña ay tubong Bondoc Peninsula (Catanauan) sa Lalawigan ng Quezon. Ang nobela niyang Isang One Dalawang Zero ay inilathala ng Visprint Inc. noong 2018. Tumutula-tula rin lalo na't tungkol sa lugar na kaniyang pinagmulan. Naging fellow sa tula sa UP National Writers Workshop noong 2018. Nagtuturo siya ngayon ng Panitikan at Malikhaing Pagsulat sa PUP. Gustong-gusto niyang basahan ng kuwentong pambata ang anak niyang si Akos Siglo. Nagtapos siya ng PhD Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman.

## MAY MGA SANDALING GANITO SA AMIN

*(ALAY SA MGA CATANAUANIN SA BONDOC PENINSULA)*

May mga sandaling ganito sa amin. Naga-ulayaw ang magkasintahang ibong maya sa tuktok ng anahaw na bubong ng kapitbahay naming si Kang Mong. Nagalambingan ang magkasintahang nasa ilalim ng punong mayabong sa gitna ng Tagabong. Nagahabulan ang mga batang babae't lalaking nagamamataya-taya. Nagahinguto ang nanay sa lisain at kutuhing anak. Nagakatay ng manok na pangtinola ang tatay. Nagasaya ang mga maglulukad sa harap ng tagay. May mga sandaling ganito sa amin.